

Flowchart ng Proseso ng Pagpapaalis (Labag sa Batas na Pananatili)

Hakbang 1: Tumanggap ng Abiso mula sa Landlord - 3, 30, 60 o 90 araw, dapat nakasulat! KUNG HINDI NAKABAYAD NG RENTA DAHIL SA COVID (hindi nakabayad sa pagitan ng 3/1/2020 at 1/31/2020), dapat na 15- araw na abiso na may kasamang pahayag sa mga proteksyon sa pagpapaalis dahil sa COVID. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa website ng DRC ukol sa mga proteksyon sa pagpapaalis dahil sa COVID para sa hindi nabayaranang renta.

Hakbang 2: Patawag at Reklamo – ang mga ito ay dokumento ng korte na dapat ihain sa iyo o sa isang miyembro ng sambahayan

BABALA – kapag nakatanggap ka ng patawag at reklamo, mayroon kang **5 araw ng korte** upang tumugon gamit ang “tugon,” na isang pormularyo ng korte. Maaari kang tulungan ng sentro sa sariling-tulong ng iyong lokal na korte sa pagkumpleto ng pormularyong ito. Ang website ng iyong lokal na korte ay makikita rito:

https://www.courts.ca.gov/find-my-court.htm?query=browse_courts

Hindi kasama sa mga araw ng korte ang Sabado, Linggo, at mga panghukumang piyesta opisyal.

Araw 0 = araw kung kailan mo nakuha ang paghain, Araw 1 = sunod na araw.

Ang sunod na hakbang sa proseso ng pagpapaalis ay nagdedepende sa kung nagsampa ka ng tugon sa patawag at reklamo.

Hakbang 3.A. Kung hindi ka nagsampa ng Tugon – Kawalan ng Pasya at PAGKANDADO

Ang kawalan ng pasya ay inilalabas kapag hindi ka tumugon sa reklamo at patawag. Nangangahulugan ito na awtomatika kang papaalisin nang walang paglilitis. 7-9 araw pagkatapos ng kawalan ng pasya, magpapaskil ang sheriff ng abiso sa pagpapaalis, at matapos ang 5-7 araw, babalik ang sheriff upang magsagawa ng pagkandado.

Hakbang 3.B. Kung nagsampa ka ng Tugon – Pagkakasundo o Paglilitis

Pagkakasundo – isang inareglong kasunduan sa pagitan mo at ng iyong landlord

O

Paglilitis - Sa loob ng 10 araw ng pagsampa ng tugon, dapat kang makatanggap ng sulat na may petsa ng korte. Itatakda ang paglilitis sa loob ng humigit-kumulang 21 araw.

Kung matalo ka sa paglilitis – **Makakandado Ka** – parehong pamamaraan at takdang panahon na inilarawan sa ilalim ng Hakbang 3.A.

Kung manalo ka sa paglilitis – **Mananatili Ka at Magbabayad ng Rentang Hindi Bayad.**

Flowchart ng Proseso ng Pagpapaalis (Labag sa Batas na Pananatili)

Abiso - 3, 30, 60 o 90 araw, dapat nakasulat!

MALIBAN KUNG COVID na hindi nabayaranang renta (hindi bayad sa pagitan ng 3/1/2020 at 1/31/2020), dapat 15-araw na abiso na may kasamang pahayag tungkol sa mga proteksyon sa pagpapaalis dahil sa COVID.

Ang Patawag at Reklamo – ay dapat ihain

5 araw ng korte* upang tumugon!

Tugon

Walang Tugon

Pagkakasundo

Kawalan ng Pasya

Paglilitis - Sa loob ng humigit-kumulang 10 araw ng pagsampa ng tugon, dapat makatanggap ng sulat na may petsa ng korte. Itatakda ang paglilitis sa loob ng humigit-kumulang 21 araw.

Manalo

Matalo

Manatili at magbayad ng rentang hindi bayad

Pagkandado

Pagkandado – matapos ang 7-9 araw, magpapaskil ang sheriff ng abiso sa pagpapaalis. matapos ang 5-7 araw, babalik ang sheriff at magsagawa ng pagkandado.

*Hindi kasama sa mga araw ng korte ang Sabado, Linggo, at mga panghukumang piyesta opisyal. Araw 0 = araw kung kailan mo nakuha ang paghain, Araw 1 = sunod na araw.